Na-edit noong 2016 Abr

Para sa Mga Dayuhan na Nakarehistro bilang Mga Residente sa Japan: Impormasyon sa Indibidwal na Numero(Aking Numero)

Tagalog

Simula sa Enero 2016, gagamit na ng Mga Social Security at Tax Number (na tinatawag ding Mga Indibidwal na Numero o “Aking Mga Numero”) sa mga aspeto ng social security (seguridad na panlipunan), buwis at pagtugon sa mga kalamidad.

1. Ano ang Indibidwal na Numero?

Ang Mga Indibidwal na Numero (na tinatawag ding “Aking Mga Numero”) ay binubuo ng 12 digit na numero na itinatalaga sa mga indibidwal na nakatira sa Japan na napapailalim sa Social Security and Tax Number System. Ginagamit ang mga ito sa mga aspeto ng social security, buwis at pagtugon sa mga kalamidad. Ang System ay nagsisilbing isang social infrastructure upang maging mas tapat ang administrasyon, mas guminhawa ang buhay ng publiko, at makagawa ng isang patas at makatarungan na lipunan.
Ang mga dayuhan na nakarehistro bilang mga residente sa Japan (mga medium-term na residente, espesyal na permanenteng residente, atbp.) ay makakatanggap din ng kanilang Mga Indibidwal na Numero.

2. Abiso tungkol sa iyong Indibidwal na Numero

- Kung nakarehistro ka bilang isang residente sa Japan, makikita mo ang iyong Indibidwal na Numero sa card ng abiso na matatanggap mo mula sa tanggapan ng munisipyo sa iyong nakarehistrong address.
  (Walang expiration date ang card ng abiso. Huwag itapon ang iyong card ng abiso. Dapat mo itong itago sa isang ligtas na lugar.)
- Ang mga dayuhan na pupunta ng Japan na may resident status na medium-term hanggang long-term ay makakatanggap ng kanilang Mga Indibidwal na Numero sa panahon ng pagpaparehistro ng mga residente.

3. Kailan gagamitin ang Indibidwal na Numero

- Ipapakita mo ang iyong Indibidwal na Numero sa tanggapan ng buwis upang magamit ito sa mga pamamaraan sa buwis, gaya ng paghahain ng iyong tax return para sa 2016 at sa hinaharap.
- Ipapakita mo ang iyong Indibidwal na Numero sa iyong employer upang magamit ito sa mga pamamaraan sa buwis at social security.
- Ipapakita mo ang iyong Indibidwal na Numero sa mga securities firm at insurance company upang magamit ito sa mga pamamaraan sa buwis.
- Ipapakita mo ang iyong Indibidwal na Numero sa tanggapan ng iyong munisipyo upang makatanggap ka ng mga benepisyo para sa iyong kapakanan at magamit ito sa mga pamamaraan na napapailalim sa mga programang National Health Insurance at Nursing Care Insurance.
- Ipapakita mo ang iyong Indibidwal na Numero sa bangko o post office sa tuwing magpapadala o tatanggap ka ng pera (mula) sa iba pang mga bansa.

Tandaan: Sa mga nabanggit na pamamaraan, pipigilan ng organisasyong nangangasiwa sa iyong Indibidwal na Numero ang pagnanakaw sa iyong pagkakakilanlan sa pamamagitan ng pagkumpirma sa (1) bisa ng numero at (2) pagkakakilanlan ng may-ari nito.
Dahil ang numero lang ang kayang kumpirmahin ng card ng abiso, kakailanganin mong ipakita ang iyong personal na ID (hal., card sa pagkaresidente, certificate ng pagiging espesyal na permanenteng residente).

4. Ano ang Card ng Indibidwal na Numero (Aking Card ng Numero)?

- Kukumpirmahin ng card na ito ang iyong Indibidwal na Numero at pagkakakilanlan sa anumang mga pamamaraang nauugnay sa Indibidwal na Numero. Nagsisilbi rin ito bilang iyong opisyal na ID card.
- Maaari kang mag-apply para sa isang Card ng Indibidwal na Numero. May ilang magagamit na opsyon para sa aplikasyon, gaya ng pagbabalik ng form ng aplikasyon (na natanggap mo kasama ng iyong card ng abiso) nang may kalakip na larawan ng iyong mukha sa pamamagitan ng koreo o pag-a-apply online sa pamamagitan ng PC o smartphone. Libre ang unang ibibigay na Card.

- Kapag nakapag-apply ka na para sa isang Indibidwal na Numero, makakatanggap ka ng isang postcard na nagsasabing handa nang ibigay ang iyong Card. Maaari mong kunin ang iyong Card sa tanggapan ng munisipyo sa pamamagitan ng pagdala ng (1) postcard na ito, (2) iyong card ng abiso at (3) iyong personal na ID (card sa pagkaresidente, atbp.). Kailangan mong magtakda ng personal na numero ng pagkakakilanlan sa panahon ng pagbibigay ng card.
- Kung ikaw ay 20 taong gulang pataas, may bisa ang iyong Card ng Indibidwal na Numero hanggang sa iyong ikasampung kaarawan mula nang matanggap mo ang Card, at kung wala ka pang 20 taong gulang, may bisa ito hanggang sa iyong ikalimang kaarawan. Tandaang maaaring magbago ang expiration date depende sa tagal ng iyong pagkaresidente at iba pang mga kundisyon.
- Ang Card ay may naka-embed na IC chip, na maaaring mag-imbak ng isang electronic na certificate na ginagamit para sa mga online na tax return at iba pang mga pamamaraan.
- Sa ilang munisipalidad, maaaring gamitin ang Card sa pagtanggap ng mga pampublikong serbisyo (hal., mga serbisyo ng pampublikong aklatan, pagbibigay ng mga certificate sa pagpaparehistro ng selyo) o pagkuha ng isang kopya ng iyong certificate sa pagkaresidente sa isang convenience store.
- Ilalagay sa IC chip ang iyong pangalan, address, Indibidwal na Numero at ang iba pang impormasyong nakasaad sa harap ng Card. Hindi magtatala rito ng anumang napakasensitibong personal na impormasyon, gaya ng iyong kita.
- Kahit natanggap mo na ang Card ng Indibidwal na Numero, kakailanganin mo pa ring itago ang iyong card sa pagkaresidente, certificate ng pagiging espesyal na permanenteng residente, atbp.

5. Mga pag-iingat sa pangangasiwa sa Indibidwal na Numero

- Kapag kinailangang i-update ang address o iba pang impormasyong nakasaad sa card ng abiso o Card ng Indibidwal na Numero, mangyaring makipag-ugnayan sa tanggapan ng munisipyo.
- Walang sinumang pinahihintulutang gumamit o mangolekta ng Mga Indibidwal na Numero, maliban kung pahihintulutan ito ng batas. Kapag may humingi sa iyong Indibidwal na Numero, tiyaking aalamin mo kung sino ang gagamit nito at kung ano ang kanyang layunin.
- Paparusahan ang sinumang ilegal na kukuha ng Mga Indibidwal na Numero ng ibang tao.
- Huwag basta-basta sabihin ang iyong Indibidwal na Numero sa ibang tao, lalo na sa mga kahina-hinalang tawag.

6. Mga tanong tungkol sa Indibidwal na Numero

- Mga walang bayad na numero, na nasa wikang Ingles, Chinese, Korean, Spanish at Portuguese
  0120-0178-26 Para sa mga tanong tungkol sa Social Security and Tax Number System
  0120-0178-27 Para sa mga tanong tungkol sa card ng abiso at Card ng Indibidwal na Numero
  Matatawagan nang 9:30–20:00 mula Lunes hanggang Biyernes at 9:30–17:30 tuwing Sabado, Linggo at mga pista opisyal sa bansa (sarado sa pagtatapos ng taon/Bagong Taon)
  ● Kung kakailanganin mong biglang suspindihin ang iyong Card ng Indibidwal na Numero dahil nawala o nanakaw ito, tumawag sa 0120-0178-27, na makakaugnayan nang 24/7.

- Makakakita sa mga sumusunod na website ng impormasyon tungkol sa Indibidwal na Numero na nakasulat sa iba't ibang wika:
  - Cabinet Secretariat: http://www.cas.go.jp/jp/seisaku/bangoseido/
  - J-LIS: https://www.kojinbango-card.go.jp/

Ang lahat ay bibigyan ng natatanging Indibidwal na Numero. Pakiingatan ang sa iyo!

内閣府
Cabinet Office, Government of Japan